**TINATAWAG**

April 26, 2017, May 12, 2017, March 6, 2025

Namumulikat na sa paglangoy
Sa ilog na mabato, malumot,
Sagana sa kiti-kiti,
Biglang lumalalim.

Aahon at magkakape
Barako, mabango, mapait
(Simula ng paralisis
Hulma ng pananahimik)

Upang maulinigan ang mga pasaring
Maaninaw ang mga igtad at angas
Muling sumapit sa simula
Nang nananampalataya pa sa oras

At di nagpaparaya sa pagsinop –
Paglalagom ng mga malay,
Pagsasa-pangungusap ng mga haraya,
Pagsasalungguhit sa mito, alamat –

At ganap ang pagtatakda ng kulay
Itim, apog, berde, pula, ginto, abo
Kulay ng mga hinirang na bato,
(Inahon, muling itatapon
Sa takot balikan ng ilog.)

Noong naliligo pa sa ulan –

Luha ng langit ay niyayakap –

Ninanamnam ang bawat patak –

Nagsasayaw sa kumpas ng tikatik.

Ngayong makakaginhawa ang pagsisid

Walang kinang ang tubig

Dala ng agos ay putik

At napipilitang pumikit.

 © 2024-2025 Jophen Baui

**TALON**

April 27, 2017, March 6, 2025

Bumili na naman ng tubig
Siyang hinirang sa mapagpipilian –
    Matamis na tsaa, soda
    Katas ng pinya, mangga,
    Kalamansi, sago't gulaman –
Dahil makailang ulit na sinala
Tiniyak na mamahalin.

Minsan sa Iligan
Minumuni ang lakas at kapangyarihan
Nakabibinging pagbagsak
Sabayang paghampas-wasiwas
Pagbabasbas para sa liwanag
Ng Talon na Maria Cristina.

Walang hanggan ang talon….
Pagbukal, pagbuhos, pagdaloy sa sapa,
Ilog, dagat, sa mumunting agos,
Higanteng alon, pagsama sa lawa,
Pag-akyat sa ulap, pag-aanyong ulan
Muling pagbulusok….

Dumadagundong
Ang maragsang hugos sa tulak ng hangin
Umaalingawngaw

 © 2024-2025 Jophen Baui

Hatid ay halumigmig
Sa bantang pagliliyab ng paligid.

Tinatarok ang tila palahaw ng walang hanggan
Init at lamig, hangin at tubig
Manghang lumalagok sa boteng mineral
Maya’t maya’y uhaw
Na bawat paglunok
Dinidighay lamang.

**ORAS NG TAHIMIK**

February 23, 2025, March 6, 2025

Habang mag-isa sa sulok na dalanginan

ay nagsusulat ng mga hinaing panukala panagimpan

Pinakikinggan Niya ang mga salita

Nalalaman ang hinuha paalam

At alam din Niya ang mga pabula

ng dila panayam mga pasinaya

Walang mananatiling lihim o hiwaga

ng isip at pangangatawan

Walang hahayaang maligaw

sa tanong mga pagkagulat

Maraming salamat
Sa pananatili ng liwanag pag-aagam agam

sa dudang paggiliw pamimintuho ng pag-ibig
Maraming salamat

Sa pag-igpaw ng wika sa dibdib

ng maliw sa walang hanggan

Pahintulot na makapasok

sa sinapupunan ng Iyong Salita.

**MULING IBAG**

March 2, 2025, March 6, 2025

Palit nang palit ng bag na pang-alis
May para sa sabit sa okasyong puro yabang ang banggit,
May para sa pagkilik pagsasabak sa mainit na yakapan ng marunong sa pagtula,
May puspusang sisidlan ng bagay-bagay bitbit ng brasong kanan kaliwa,
May tote pa nga pasa-uso ng artistang sikat ngayon,
May magaan pangsukbit lang na kadenang sumisikip,
May lundayan ng kompyuter makapangyarihang bangko ng iniisip,
May kuwintas yata ang unang pakay dahil cell phone lang ang malalaman,
May dampot dito dampot dyan natitiklop lumuluwang,
May backpack na buryong na sa inip na makalakbay,
May tambakan ng walang panaw walang tuldok walang upang kapapelan,
May bagong-bago at nananatiling walang laman.